**ARESTADO** ng Cavite Police ang isang 46-anyos na business consultant na rumaraket din sa pagtutulak umano ng droga sa kanilang barangay habang patay ang isang obrero sa isang buy-bust operation sa magkahiwalay na lugar sa lalawigan.

Dead on the spot si Marvin Peji, alias Babin, binata, ng Esperanza Ibaba, Alfonso, Cavite habang nakakulong na sa Bacoor City Custodial Center si Glenn Gange, alias Glenn, 46, may-asawa, business consultant, ng 68 Francisco Cruz St., Phase 3 BF Homes, Las Piñas City.

Sa ulat ni Corporal Ronald Didal, dakong alas-3:40 ng hapon nang nagasagawa ng buy bust operation sa loob ng Tropical Villlage (Pabahay) Brgy san Francisco, Gen Trias City, kung saan target si alias Babin at kasama nitong si Braman Encarnacion, 36, may-asawa, welder.

Pero hindi inakala ng mga suspek na pulis ang kanilang ka-transaksiyon kaya pinaputukan ang mga ito saka tumakbo sa ilog pero sinundan sila ng mga awtoridad kung saan nagkaroon ng palitan ng putok na nagresulta sa pagkamatay ni Peji habang si Encarnacion ay nakatakas.

Nakuha sa suspek ang tinatayang 0.91 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P6K, kalibre 45 na baril at bala.

Sa ulat naman ni PMSgt Christian Rosales, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-11:00 ng umaga nang isang buy bust operation ang isinagawa sa NIA Old Road, Brgy Bayanan, Bacoor City, kung saan target si Gange.

Pero nang naramdaman ng suspek na pulis ang kanyang ka-transaksiyon ay pinaputukan nito subalit nagmintis hanggang sa nagpalitan ng putok pero nang nakitang wala itong kalaban-laban ay sumuko ito.

Narekober sa kanyang pag-iingat ang tinatayang 9.9 gramo ng shabu na may street value na P62,492, baril at isang sasakyang Toyota Wigo na may plakang NBE 9211.

Nabatid na ang suspek ay isang tulak sa Barangay Bayanan sa Bacoor City, at sa kalapit na mga lungsod sa Cavite .

Kasong paglabag sa RA 9165, RA 10591 at Attempted Murder ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

# OPEN CANAL SEEDED WITH TADPOLES IN CAVITE

**GENERAL TRIAS CITY, Cavite -- The city government has seeded open canals and estuaries with tadpoles to prevent the spread of dengue in the barangays.**

Dr. Jonathan Luseco of the City Health Office was joined by village leaders, barangay health workers, and volunteers in tadpole seeding. These tadpoles feed on wrigglers of dengue-carrying mosquitoes.

The vector control method is part of the city's massive drive to contain dengue through the Department of Health (DOH) "Sabayang 4 O'clock Habit para Deng-Get Out" campaign.

Aside from the seeding operation, local and national government agencies also conducted massive clean-up operations in open canals in Barangay Pasong Camachile.

The clean-up teams of volunteers removed trashes that clogged waterways, which are possible breeding sites of the dengue-carrying mosquitoes.

"Dapat po hindi lang local government unit nagtatrabaho, dapat po buong community. Hindi po ito kaya ng CHO lang, ng iilang volunteers lang (this is not the work of the local government unit alone, but of the entire community. The CHO and few volunteers cannot do this alone)," Luseco said in an interview. **(Dennis Abrina/PNA)**

# TESDA Calabarzon, kinilala ang mga partner institutions

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)-** Bilang pagpapasalamat at pagkilala sa kanilang mga partners, idinaos ng Technical Education Skills and Development Authority (TESDA) Calabarzon ang Gabi ng Pasasalamat sa Occasions Garden Lima Park Hotel, Malvar, Batangas noong ika-5 ng Setyembre, 2019.

"Ang gabing ito ay para sa aming mga katuwang sa pagpapalaganap ng serbisyong teknikal bokasyunal dahil kung wala sila ay hindi magiging tagumpay ang TESDA Calabarzon sa pagganap sa tungkulin. Ang pagkilala sa aming mga partners ay isang uri ng pasasalamat dahil sa inyo mas epektibong naiipatupad ng ahensya ang mga programa para sa ikabubuti ng publiko," sabi ni TESDA IV-A Regional Director Florencio Sunico Jr., sa kanyang mensahe sa Gabi ng Pasasalamat.

Sa mensahe ng pasasalamat ni Merlita Pasatiempo, Executive Assistant at kinatawan ni Governor Hermilando Mandanas, inihalintulad niya ang TESDA at ang mga katuwang nito sa kawayan na bagama't isa-isang itinanim, habang lumalaki at nagdidikit-dikit ay nagiging mas malakas.

Aniya pa, kahit hipan ito ng malakas na hangin ay humahapay lamang ngunit patuloy na nakatayo at magkakasama. Katulad ng TESDA at partner institutions nito, patuloy ang pagbuo ng magagandang programa na kapaki-pakinabang sa publiko upang mas mapaantas ang katayuan sa buhay.

Ayon kay TESDA Deputy Director General Rosanna Urdaneta, malaki ang kontribusyon ng TESDA Calabarzon at partner insitutions nito sa pagkakaroon ng mga graduates na bahagi ng iba't-ibang manpower ng malalaking kumpanya dito man o sa ibang bansa.

"Una sa lahat ay pasasalamat dahil kahit may mga programa ang TESDA, kung wala kayo na aming mga katuwang sa pagpapalaganap nito at pagpapaunlad ay mawawalan din po ito ng saysay. Ang gabi ng Pasasalamat ay bahagi ng Silver Anniversary ng aming ahensya upang maipaabot sa mga partner agencies, industries at academe ang aming taos-pusong pasasalamat sa anumang tagumpay na mayroon ang ahensya dahil sa kanilang pakikipagtulungan," ani Urdaneta.

Sa huli ay isa-isang binigyan ng plaque of appreciation ang mga partner agencies at institutions sa mga lalawigan ng Cavite, Laguna, Batangas,Rizal at Quezon.**(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas)**

# DTI Kapatid Mentor ME program batch 4, inilunsad sa Batangas

**MALVAR, Batangas (PIA)-**Inilunsad ng Department of Trade and Industry (DTI)-Batangas ang ika-apat na batch ng benepisaryo ng Kapatid Mentor Micro Enterprise (KMME) program sa Lima Park Hotel sa bayang ito noong Setyembre 3, 2019.

Sinabi ni Trade and Industry 4A Regional Director Marilou Toledo, na ito ang ika-apat na batch simula ng mag-umpisa ang programa noong 2016 at ito ang ikalawang batch para sa taong 2019 sa lalawigan ng Batangas.

"Natutuwa ako dahil ang 20 mentees na nandito ngayon ang bubuo sa ikaapat na batch ng KMME. Sila ay tinatawag nating DTI scholars dahil ang mga modules na kanilang pagaaralan ay ibibigay sa kanila ng libre ng ating ahensya katuwang ang Philippine Center for Entrepreneurship (PCE). Dapat lamang tandaan ang 7M's upang maging tagumpay sa pagtatayo ng negosyo kabilang ang mastery, mindset, marketing, mentorship, machines, models of business at money," sabi ni Toledo.

Ayon kay John Paul Lanot, isa sa mga nagsilbing mentor, madami sa mga maliliit na negosyanteng dumadalo sa mentorship training ang kinakailangan ng mas matinding pagsasanay upang mas lalong mabigyan ng mas malawak na perspektibo ukol sa pagnenegosyo at kalaunan ay makapagpaunlad pa ng kanilang mga produkto o serbisyo upang maging globally competitive.

"Hindi lahat ng tao ay may kakayahang magpalago ng negosyo dahil may mga bagay na dapat isaalang-alang dito tulad ng pagtukoy sa mga posibleng kliyente, pag-aaral tungkol sa risks ng negosyo gayundin sa mga competitors at ang pagiging bukas-isip na matuto pa dahil ang negosyo na gumagana ngayon ay maaaring hindi na gumana sa susunod na taon kaya't dapat ito ay mag-evolved," ani Lanot.

Sinabi naman ni Marissa Argente, officer-in-charge Assistant Regional Director, ang KMME ay pamamaraan ng kanilang tanggapan upang tiyakin na ang mga maliliit na negosyante ay kayang makisabay sa mga pagsubok lalo na at nag-iiba ang ating merkado at pamamaraan para maging matagumpay sa negosyo.

"Lahat ng 20 mentees ay kailangang tapusin ang 10 modules at kapag natapos nila ito ay sisiguruhin naming magkakaroon ng pagbabago ang kanilang negosyo tungo sa pag-unlad. Ang batch ng mentees ngayon ay karamihang nasa service sector bagama't mayroon ring food and beverages. Pagkatapos nito, pipili kami ng mga KMME graduates na handa na upang maging franchisors at kaya na nilang tumanggap ng mga tao na gustong gamitin ang kanilang produkto at business model," ani Argente.

Aniya pa, patuloy ang ipinagkakaloob na trainings ng DTI sa mga nagnanais maging negosyante, gayundin ang suporta sa pagbibigay kaalaman sa product development. Hinihikayat din itong magrehistro ng kanilang negosyo upang maging mas madali itong maipakilala sa publiko at merkado.

Sinabi naman ni Melanie Magboo, may-ari ng Happy Home at isa sa mga mentees, na gusto niyang mapalago pa ang kanilang kaalaman sa pagnenegosyo kung kaya't nang malaman niya ang programang ito ng DTI ay hindi siya nagatubiling sumali.

"Ang produkto po namin ay iba't-ibang home products at sa kasalukuyan ay sinisimulan na namin itong ipakilala sa iba't-ibang malalaking department stores pero alam namin na may kailangan pa kaming matutunan upang mas maibigay namin ang kailangan ng mga consumers," pagtatapos ni Magboo.

Ito ang ika-18 batch ng KMME sa buong Calabarzon. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas)**

# DTI, DepEd nagsagawa ng Consumer Quiz Bee sa mga mag-aaral

**LUNGSOD NG CALAPAN, Oriental Mindoro (PIA)** – Bilang pagdiriwang ng 2019 Consumer Welfare Month, nagsagawa ang Department of Trade and Industry (DTI) at Department of Education (DepEd)-Oriental Mindoro Division ng Consumer Quiz Bee na may temang 'Sustainable Consumption: Understanding the Impact of Consumer's Choices in a Shared Environment'.

Ang kumpetisyon ay nilahukan ng 29 na mag-aaral mula sa iba't-ibang paaralang sekondarya sa buong lalawigan na ginanap sa Conference Hall ng DepEd sa Brgy. Calero.

Isang kinatawan sa bawat paaralan ang kalahok kasama ang kanilang kaniya-kaniyang coaches sa naturang pagsusulit.

Layunin ng naturang gawain ay maitaas ang kaalaman ng mga mag-aaral sa larangan ng kalakalan at ekonomiya bilang isang 'consumer' at kung ano ang kanilang pang-unawa tungkol dito.

Dumaan sa tatlong kategorya ang pag susulit: Easy, Average at Difficult rounds na kung saan ang estudyante na makakakuha ng mataas na puntos ang siyang magiging kinatawan sa DTI DepEd Regional Quiz Bee na gaganapin sa ikatlong linggo ng Oktubre 2019 sa SM Megamall sa lungsod ng Mandaluyong.

Samantala, naging punong hurado sa nasabing aktibidad sina DTI Provincial Director at Provincial Development Officer Michael Angelo Adalia.

Dumalo rin sina DepEd - Chief School Governance Operations Division Rodel S. Magnaye at Schools Division Superintendent, Dr. Elsie T. Barrios na nagbigay naman ng mensahe sa mga kalahok na mag-aaral.

Sa pagtatapos ng quiz bee, ipinagkaloob sa Puerto Galera National High School ang 2nd Runner-up na may kalakip na cash prize, certificate at trophy, habang nasungkit naman ng Marcelo I. Cabrera Vocational High School ng bayan ng Roxas ang 1st Runner-up at ang Provincial Champion ay nakuha ng Nabuslot National High School ng bayan ng Pinamalayan. **(Dennis Nebrejo/PIA-OrMin)**




**ISINAGAWA** ng Sanguniang Kabataan Federation Manila ang paglilinis sa kahabaan ng Juan Luna, Tondo sa pangunguna ni Councilor Dave Tan at iba pang SK Chairmans kamakailan. Ito ay may temang 'Buklod Kabataan para sa Kalinisan' at ang naturang City Wide Clean-Up ay bilang suporta sa Manila Bay Clean Up, Rehabilitation Preservation Program. **(Christian Heramis)**

# ANAK, TIGBAK KAY ERPAT

**SINAMPAHAN na ng kasong Parricide ang isang 65-anyos na tatay na itinuturong suspek sa pagpatay sa kanyang sariling anak sa loob ng kanilang bahay matapos itong naaresto sa Tanza, Cavite.**

Nakakulong sa Tanza Municipal Police Station ang susek na si Tito Amatong, walang trabaho, dahi sa pagpatay sa sariling anak na si Mariel , 42, hiwalay sa asawa, kapwa residente ng Brgy Punta 1, Tanza.

Sa ulat ni PSSgt Dennis Magsaysay, ng Tanza Municipal Police Station, dakong ala-1:58 ng hapon nang natagpuan ang bangkay ng biktima sa loob ng kanilang bahay ng kanyang kapatid at mga kamag-anak.

Nauna rito, tinatawagan umano ang biktima ng kanyang kapatid sa celphone subalit hindi sumasagot dahilan upang bisitahin siya kasama ang iba pa niyang kamag-anak.

Gayunman, pagdating sa lugar ay napuna ang katahimikan ng bahay at naka-lock din ang pintuan at dahil ilang beses na silang tumatawag kaya nagdesisyon na sirain ang padlock ng pintuan at tumambad sa kanila ang nagkalat na mga damit at duguang katawan ng biktima na wala ng buhay at may tama ng bala ng baril sa katawan.

Bago ang pangyayari ay narinig umanong nag-aaway ang mag-ama ng kanyang mga kapitbahay hanggang sa umalis ang matandang Imatong, pero hindi nila napunang may nangyari sa loob ng bahay dahil nasanay na umano silang parating nag-aaway ang dalawa.


Naaresto naman ang suspek dakong alas-8:00 ng gabi nang dumating ito kung saan nagmaang-maangan pa at hindi nito alam na may nangyari sa kanyang anak.

Pero ayon kay Magsaysay, bago ang krimen ay nakipag-inuman pa ang suspek kaya natatandaan ng kanyang mga kainuman ang suot nito..

"Ilan sa kanyang mga kainuman ay natandaan kung ano ang suot niya (suspek) at ito ang nakitang damit sa banyo ng kanilang bahay na may mga dugo". ayon kay Magsaysay.

Nabatid na itinatanggi pa rin ng suspek ang pagpatay at hindi umano niya magagawa ito sa kanyang anak.

Wala namang narekober na baril na pinaniniwalaang dinala ito ng suspek pag-alis ng bahay. **GENE ADSUARA**



**HINDI** nakapalag ang umano'y "tulak" na si AMAL, OMRA SALIGAN nang masakote ng mga tauhan ng Special Enforcement Service, PDEA SES at PDEA BARMM -Phil.Drug Enforcement Agency at nakumpiska sa kanya ang isang brown paper bag na may kasamang dalawang genuine na five hundred peso bill at limang pirasong sachet ng shabu sa ginanap na operation sa Basement Parking Lot ng Building-A ng SM-BICUTAN ,Brgy. Don Bosco ,Paranaque City. Ang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa Section 21 , Article II of Republic Act 9165 as amended by RA 10640. **(JIMMY HAO)**

# Piggery helper 'binaboy'

**IPINAARESTO** at ipinakulong ng isang 23-anyos na piggery helper ang kanyang live-in partner at nag-alaga sa kanya simula sa kanyang pagkabata matapos siyang ikinadena, suntukin sa mukha, tusukin ng payong sa katawan at saksakin ng gunting sa braso ng kanyang kinakasama na umano'y utos ng tiyahin niya dahil lamang sa simpleng hindi pagkakaintindihan sa Bacoor City, Cavite.

Kinilala ang biktima na si Pearl Velarde, at itinurong suspek ang kanyang live-in partner na si Jemsly Arcega, 18, at tiyahin nito at may-ari ng piggey na si Divina Velarde, 51, dalaga, pawang residente ng Green Valley, Creek Side, Brgy San Nicolas 3, Bacoor City.

Sa ulat ni PSSgt Roy Vincent Reyes, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-9:30 ng gabi nang naganap ang insidente kung saan kapwa nagtratrabaho ang mag-live-in partner sa piggery ni Velarde sa Green Valley Creekside Brgy San Nicolas 3.

Nautusan umano ang dalawa na kumuha ng mga pagkaing baboy nang napahiwalay ang biktima sa mga suspek na ikinagalit ni Jemsly kaya pag-uwi nila sa kanilang bahay ay kinaladkad ng huli ang biktima, iginapos at ikinadena, binusalan ang bunganga ng basahan saka tinakpan ng packaging tape , tinusok ang katawan nito ng payong, sinuntok sa mukha at sinaksak gamit ang gunting ang kanyang braso na pawang sa utos umano ng kanyang tiyahin.

Gayunman, nang nakaalis ang dalawa ay nagawa nitong makatakas matapos na naiwan ng kanyang live-in partner ang susi ng padlock at nagsumbong sa barangay na nagresulta sa pagkakaareso sa dalawa.

Sa presinto, tinatanong ng biktima kung kaya pa nitong makipag-areglo sa kanyang live-in partner at sa kanyang tiyahin na nag-alaga sa kanya simula sa kanyang pagkabata subalit nanindigan ito na ipapakukukong niya ang dalawa dahil sa tinamong pahirap.

Simula sa kanyang pagkabata ay inalagaan na umano siya ng kanyang tiyahin subalit nakaranas umano ang biktima ng pagmamaltrato sa kanyang paglaki.

Dagdag ni Reyes na tinitignan din ang anggulong may "relasyon" ang live-in partner nito sa kanyang tiyahin dahil sa pagiging sunud-sunuran umano ng lalaki sa iniutos ng kanilang tiyahin.

Inihahanda ang isasampang kaso laban sa dalawa. **GENE ADSUARA**

# Wanted na parak, dedo sa kabaro sa engkuwentro

**DEAD** on the spot ang isang wanted na pulis na suspek sa pagdukot at pagpatay sa dating opisyal ng National Insurance Commission (NIC) at kasama nito nang nakipagpalitan ng putok sa mga operatiba ng Philippine National Police (PNP)-Anti Kidnapping group (AKG) at Cavite police sa Kawit, Cavite.

Kinilala ang napatay na si PO2 Arlan Sanera Aguilar, dating naka-assign sa Camp Crame sa Quezon City at isang di nakilalang kasama nito dahil sa tinamong bala sa katawan.

Sa ulat ng ni PSSgt Alvin Murcia, ng Kawit Municipal Police Station, naganap ang insidente dakong alas-2:30 ng madaling araw sa Brgy Abaya Road , Brgy Toclong I, Kawit kung saan patungo ang puwersa ng PNP-AKG, Regional Intelligence Division (RID) PRO4A, PIB Cavite PPO at Kawit MPS sa pamumuno ni Acting Director PCol. Jonnel Estomo sa lugar upang isilbi sana ang warrant of arrest na inisyu ni Hon. Judge Matias Garcia II ng RTC Branch 19, Bacoor City, Cavite sa kasong Robbery with homicide laban sa suspek nang namataan ito ang minamanehong motorsiklo.

Sinundan ang motorsiklo ng suspek subalit pinaharurot nito hanggang sa nakorner sa nasabing lugar subalit imbes na tumigil ay nagpaputok ito ng baril hanggang na nagkaroon ng palitan ng putok na nagresulta sa kanilang kamatayan.

Narekober sa mga suspek ang isang kalibre 45 na baril, mga basyo at bala, sachet ng hinihinalang shabu at isang motrosiklong Bravo Honda .

Si Agular ay matagal ng pinaghahanap ng pulisya dahil sa pagkakasangkot nito sa pagkidnap at pagpatay kay Atty Eduardo Torres Malinis, Commissioner ng NIC kung saan tinali at pinagnakawan sa Bacoor City Cavite noong May 23, 2014.

Sagkot din ang suspek sa ilang pagdukot sa ilang Regional Director Officer ng BIR kung saan sinasabing siya ang Lider ng Gapos Gang.

Ipinag-utos naman ni Cavite Regional Director PCol William Segun ang paghahanap pa ng mga kasamahan ng napatay na dating pulis partikular ang miembro ng Gapos Gang.

Ang katawan ng mga biktima ay inilagak sa Ernest Funeral Homes para sa safekeeping at awtopsiya. **GENE ADSUARA**




# HELUSHKA, WALANG HIRAP NA NAGWAGI

Walang hirap na nagwagi ang kabayong si Helushka na ginabayan ng hineteng si Onyok Garcia at tila pinag praktisan lamang ang kanilang mga nakalaban sa karerang naganap noong nakaraan sa pista ng Metro Turf sa Malvar, Batangas. Nakapagtala ang nasabing kabayo ng tiyempong 1:23.0 (13'-21'-22'-26') para sa distansiyang 1,400 meters. Pumangalawa sa kanya ang malayong segunda paborito na si Milford Sound at pumangatlo si Morning Girl.

Sa kasunod na takbuhan ay tila pinanood lang at nag- abang ang apprentice rider na si Elvin Abrea na magbakbakan nang todo ang dalawang kalaban nila na bumandera, kaya pagpasok ng 400 meters at sinimulan nang galawan ni Elvin si kabayo ay unti- unti nilang nalapitan hanggang sa lagpasan bago pa man dumating sa finish line sina High Ranks at Sabtang Island. Hindi naman pinaporma pa ng kabayong si Daginding na sinakyan ng hineteng si Totoy Cabarrios Jr. ang nagbigay ng matinding laban sa kanila na si Hold On ni Jeff Zarate simula sa umpisa at dahil may taglay na lakas pa sa datingan ang kabayong Daginding ay iniwan na nila sina Jeff sa huling 200 metro ng labanan.

Samantala, pinakitaan ng magandang diskarte ni Unoh Hernandez ang kanilang mga nakalaban sa isang condition race merged (9) na grupo matapos na pumirmis at pitik- pitikin lang ang sinakyan niyang kabayo na si Cerveza Rosas habang hinahayaan lang na magdikta ang nasa harapan nilang si Smokin Saturday ni Toper Garganta, subalit pagsungaw sa rektahan nung galawin na ni Unoh ang kanyang dala ay wala ng nagawa pa ang mga rumemateng sina Garantisado ni Onyok Garcia, Sooner Time ni Jesse Guce at Heiress Of Hope ni Dudong Villegas.

Sa pinakahuling takbuhan ay hindi naman binigo ng outstanding favorite na kabayo na si Shadow Of The Sun na nirendahan ni Elvin Abrea ang mga karerista na pumili sa kanya . Dikit na nagkatalo sa segundo sina Jersey Crown ni Onyok Garcia at ang nangusuan na si Crowned Prince ni Lester De Jesus.




# IZA CALZADO, GUSTO MAKATATLO

**NAKAKATUWANG marinig mula kay Iza Calzado ang kanyang plano sa hinaharap.**
Ang gusto ni Iza ay makatatlo, iyan ang kanyang plano na magiging anak.
Si Iza ay kasal sa negosyanteng si Ben Wintle at napagkasunduan nilang mag-asawa na tatlo ang kanilang magiging supling.
Alam naman nating super abala ang aktres pero sa sandaling matapos ang ilan sa mga proyekto at commitment sa showbiz ay prayoridad na niya ang pagkakaroon ng anak.
Gusto ay makatatlo pero napag-usapan ng mag-asawa na kahit sa paanong way.
Meaning, giving birth for a new baby sa pamamagitan ng natural na pagbubuntis at panganganak.
At aprubado naman din sa kanyang mister kahit in a way o assisted reproductive technology o pag-aampon.
Kaya naman very thankful si Iza dahil sa suporta ni Ben at pagiging bukas o mulat sa pagkakaroon ng foster children.
Si Iza ay 37-anyos pa lamang kaya napapanahon na talaga para sa kanya o kanilang mag-asawa na plano.
Goodluck!

@@@

**C O N G R A T S MICHELLE**

After six years, nasundan din ang yapak ni Megan Young sa katauhan ni Michelle Dee.
Nasungkit ni Michelle ang Miss World 2019 crown na huling naibulsa ng Pilipinas ang titulong ito ni Megan last 2013.
Hindi malayo o nakakapagtaka para kay Michelle dahil nananalantay sa kanya ang pagiging isang beauty pageant.



Ang ating bagong Miss World 2019 na si Michelle ay anak ni 1979 Miss International Melanie Marquez.
Natural naman na super proud si Melanie para sa titulong ito ng kanyang anak.
Worth it, 'ika nga ni Melanie ang lahat ng ginawang pagsisikap ng kanyang anak.
Sabi nga ni Melanie, from the start pa lamang ay tila nababanaag na niya ang potensiyal ng anak.
Nakikini-kinita ni Melanie na magwawagi si Michelle bunga ng minor awards na nahakot nito.
**Congrats Michelle!**




# "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

**(17)**

**"PARE** ako rin 'di ko alam kung 'san pupunta kaya 'wag ka ng tanung nang tanong."
"Basta sumama na lamang tayo sa kanila, kahit saan sige lang at sama tayo."
Malayo rin ang kanilang nilakad, sa pagkakatantiya ni Allan ay lagpas sa kalahating oras silang naglakad.
"Anong tawag sa prutas na 'yan, ang daming bunga ah. Masarap ba 'yan?"
Sa isang taniman sila nagpunta para manginain lamang ng prutas.
Kanya-kanya nga lamang kuha pero palibhasa ay laking-siyudad ang dalawa kaya hindi sila marunong umakyat ng puno.
Ipinitas na lamang sila ng kanilang bagong mga kaibigan at doon nila nalaman na macopa ang prutas na iyon.
Sa una ay tila hindi kursunada ng dalawa ang lasa ng macopa pero katagalan ay nagustuhan na rin nila.
"Dito sa probinsiya ay 'di ka magugutom dahil maraming makakain."
"Maraming tanim na prutas at pati mga gulay basta masipag ka lamang."
"Ang kagandahan pa rito ay talaga namang sariwa ang makakain mo."
"Pinag-uusapan natin ang sariwa, bukas naman ng umaga ay doon tayo sa kabilang bahagi ng dagat maliligo."
Nagkakayayaan na naman uli ang grupo at nagbanggit na ng oras ng kanilang lakad.
"Habang naririto kayo sa probinsiya ay makakasanayan ninyo ang gumising ng maaga, madaling araw pa lamang ay babangon na kayo."
Nang makauwi ay kaunti na lamang ang kinaing hapunan nina Allan at Alex dahil nabusog sila sa prutas.
Kinabukasan nga pagkakain ng agahan ay dinaanan muli ang dalawa para makapunta ng dagat.
Gumamit ang grupo ng bangka at sinimulan na ang pagpalaot sa karagatan.
"Akala ko ba ay maliligo."
Kaya naman nagtataka uli si Allan at pilit na tinatanong si Alex kung ano ang kanilang gagawin sa dagat.
"Ano? Naloloko na ba kayo, eh buhay pa 'yan ah tapos ipapakain ninyo sa akin. Tingnan ninyo at pumipiglas-piglas pa nga."
**(Itutuloy)**

# IISA... IKAW AT AKO

SA PANULAT NI KUYA ARMAN

**(Ika-27 labas)**

**NAGLALAMBING** si Cecile na bago matulog ay magsiping sila muli at siyempre ay kailangang pagbigyan iyon ni Bernie.
"Hi, good morning. Tamang-tama ang gising mo at kaluluto ko lang ng breakfast natin."
Kaya naman kinabukasan ay masaya at masigla ang pagkilos ni Cecile.
May good morning kiss pa bagay na tinugon din naman ng halik ni Bernie.
"Wow mukhang masarap 'yan ah, teka at magsa-shower lang muna ako."
Pagdampi ng isang halik ay dumiretso na si Bernie sa banyo para makapaligo.
"Ayos 'yan Bernie."
Ngising demonyo nang humarap sa salamin si Bernie sa loob ng banyo.
Pakiramdam ni Bernie ay magbubuhay-hari na siya sa piling ni Cecile.
Nang makapag-almusal ay umalis na ang dalawa at masaya si Bernie nang malamang sa restoran ang diretso nila.
"Dito ka na lang muna at babalikan na lang kita 'mamya. Supervise ka muna rito sa restoran."
Isang kotse lang ang kanilang gamit at si Bernie ang nagmaneho.
Pagdating ng restoran ay kinuha ni Cecile ang sasakyan dahil pupunta sa isa pang negosyo nito.
Kaya naman mas lalong nagalak si Bernie dahil may pagkakataon na makikita niya si Jane.
May contact number naman siya ni Jane subalit hindi pa niya natatawagan.
"Ang daya mo ah, may pakuha-kuha pa ng number ko pero 'di ka naman tumatawag."
Parang umayon ang pagkakataon dahil nagpunta naman ng restoran si Jane at kasama ang daddy nito.
Nang magpunta ng banyo si Jane ay sinundan siya ni Bernie para makausap.
"Pasensya ka na, medyo busy lang kasi dahil maraming pinapagawa si auntie eh."
"Iba kasi ang plano ko, ang gusto ko 'pag tinawagan na kita."
**(Sundan)**

# PINOY TANKERS AIM TO END DECADE-LONG SEAG GOLD MEDAL SLUMP

**Ang koponan ng swimming ng Pilipinas ay may mga pang laban upang sa wakas ay tapusin ang kagutuman ng bansa para sa isang gintong medalya sa 30th Southeast Asian Games**

Ang mga koponan ng Pilipinong nag-donate ng pambansang kulay sa nagdaang Fina World Championships, na pinagbibidahan nina Nicole Oliva, Luke Gebbie, Remedy Rule at James Deiparine ay mangunguna sa 27-taong pambansang koponan sa pagtatapos ng tagtuyot na ito.

Pinangunahan din ang sanhi ng Pilipinas sa mga aquatic na kumpetisyon sa Fina na naaprubahan ng New Clark City Aquatics Center sa Capas, Tarlac ay ang mga taga-Australia na sina Jessie Khing Lacuna at Jasmine Alkhaldi at mga homegrown talent na sina Jerald Jacinto, Rafael at Miguel Barreto.

Ang Pilipinas ay hindi nabigo sa pag-uwi ng isang gintong medalya mula pa nang maraming nagdaang gintong si Miguel Molina ay nagretiro matapos ang 2009 SEA Games sa Laos.

Ang dating palarong Pambansa standout na sina Xiandi Chua, Maurice Sacho Ilustre, Youth Olympian Roxanne Yu, Rosalee Santa Ana, Chloe Isleta at Thanya Dela Cruz na naglalayong ibalik ang mga tanke ng PH sa itaas ng medalya

Sina Alberto Batungbacal, Jonathan Cook, Jarod Hatch, Jean-Pierre Khouzam at Jaden Olson ay ginawaran din ito sa koponan matapos pangunahin ang kani-kanilang mga kaganapan sa kamakailang Philippine Swimming National Open sa NCC.

Gayundin ang sumali sa cast ay sina Rian Tirol, Desirae Mangaong, Jazlynn Pak, Joy Rodgers, Miranda Renner at magkakapatid na Australia na sina Georgia at Thomas Peregrina sa mga Palaro noong Nov.30-Dis. 11.

Batay sa mga nakaraang pagtatanghal sa mga kampeonato ng Fina world, ang Rule, Gebbie at Deiparine ay nagtataglay ng isang mataas na posibilidad ng pagsasanay ng isang ginto.

Ang panuntunan, isang all-American mula sa University of Texas sa US NCAA, ay kumalas ng limang record sa Pilipinas sa mga kampeonato sa mundo sa Gwanju, South Korea noong nakaraang buwan.

Ang 24-taong-gulang na ginawa ang Olympic Selection Time (OST) B-cut sa 200m butterfly ng kababaihan.

Si Gebbie, na ang Ama ay nagmula sa New Zealand, ay nagre-reset din ng pambansang talaan sa 100m na kalalakihan sa kalalakihan sa mga kampeonato ng mundo na may oras na 49.94 segundo upang malampasan ang pamantayan ng OST B na 50.3 segundo.

Samantala, si Deiparine, ay naghahanap upang i-on ang parehong pagtatapos ng pilak sa 50m at 100m na breaststroke sa panahon ng 2017 SEAG sa Kuala Lumpur upang maging gintong pagtatanghal sa oras na ito.

# PHIL ARCHERY TEAM TAMPOK SA SEAG

Ang pangkat ng archery ng Pilipinas ay magtatampok ng isang matatag na pangunahing pag tudla ng mga mamamana sa darating na ika-30 na Timog-Silangang Asya sa Nobyembre 30 hanggang Disyembre 11.

Gamit ang pinagsanib ng mga batang talento at mga beterano na Archery, sinabi ng pambansang coach na si Clint Sayo na ang punong layunin ng iskuwad ay upang wakasan ang apat na taong gintong medalya kapwa sa muling pag-aalala at mga kaganapan sa tambalan.

Ang medalyang Asyano na medalyang medalya na si Paul Marton Dela Cruz, nagwagi ng gintong medalya ng Youth Olympic Games na si Gabriel Moreno, at ang Olympian na si Jennifer Chan ay magiging target para sa kanais-nais na gintong medalya sa biennial sportfest na mag-host sa Pilipinas sa Nobyembre 30-Dis. 11.

Pangungunahan ni Dela Cruz ang tambalan ng mga kalalakihan kasama sina Johan Olano, Roberto Badiola at Arnold Rojas habang sina Moreno ang banner ng apat na tao na recurve squad kasama sina Florante Matan, Jayson Feliciano, at Carson Hastie.

Ang women's recurve ay pangungunahan nina Kareel Hongitan, Pia Bidaure, Phoebe Amostoso, at Gabrielle Monica Bidaure samantalang, sina Chan, Andrea Robles, Rachelle Ann Dela Cruz at Abbigail Tinugduan ay binubuo ng compound ng kababaihan.

Ayon kay Sayo, ang mga mamamana ay tiyak na may kakayahang manalo ng mga medalya para sa bansa.

"Hangga't maaari, nais naming makamit ang pinakamahusay na mga resulta, " sinabi ni Sayo.

`` Ngunit sa ngayon, masisiguro ko lang na may kakayahang matatamo natin ang medalya. Kung ito ay isang ginto, pilak, o tanso, hindi ko pa masasabi, "dagdag ni Sayo, isang gintong medalya mismo sa taas ng kanyang karera sa 1997 na SEA Games na ginanap sa Indonesia.

Ito ay sa panahon ng 2013 SEA Games sa Myanmar nang huling makuha ng mga mamamana ng Pilipino ang isang gintong medalyang kagandahang-loob ng tambalan ng kalalakihan nina Earl Benjamin Yap, Ian Patrick Chipeco at Delfin Anthony Adriano.

Sa edisyon ng 2017 ng Malaysian, dinala ng mga mamamana ang isang pilak at apat na mga medalyang tanso.

Ayon pa kay Sayo na dapat nilang bantayan ang Malaysia, Vietnam at Singapore, ngunit matatag na naniniwala na ang mga mamamanang Pinoy ay maaaring matumbok ng target at tumaas sa okasyon sa lokal na lupa.



**PINGPONG CHAMP - IGINAWAD** nila San Simon Pampanga Mayor Jun Punsalan, (PTTFI) Philippine Table Tennis Federation Inc. President Ting Ledesma at Councilor Mark Macapagal ang premyo at Tropeo kina Aljay Villena champion at PJ Atienza 2nd place ang tig P100K sa katatapos na 1st Mayor ABUNDIO "Jun" S. PUNSALAN, Jr. Sandpaper PingPong Tournament Class A Qualifying Event para sa 2020 World Championship PingPong na ginanap kamakailan sa National High School San Jose Plaza, San Simon Pampanga. Kaugnay nito magiging representative ng bansa sina Aljay at Pj upang lahukan ang 2020 World Championship of PingPong sa Alexandra Palace, London sa darating Enero. 25 & 26, 2020



**UAAP** - LUSOT Nag pumilit na makalusot si FEU point guard LJ Gonzales sa mahigpit na pinagsamang depensa nila Aljun Melencio at Justine Baltazar kapwa ng La Salle sa umatikabong aksyon nila sa UAAP Season 82 Men's Basketball sa Mall of Asia Arena Pasay City. **(PRINCE SABBALUCA)**



**TOPS -** SINABI sa lingguhang 40th edition TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila. ni Triathlete Clair Adorna na tiwala siyang makakamit ng atletang Pinoy ang Gintong medalya na may kabuoang walong events ng Triathlon para sa nalalapit na 30th SEA Games. **RGN**

# HANEP SPORTS

Sports Editor: RGN
Email Add: hanepsports2017@gmail.com

## Mga laro sa 2019 PBA Governors Cup

**Septyembre 25, 2019**
**Araneta Coliseum (Miyerkules)**
**4:30** pm TNT Ka Tropa vs Blackwater Elite
**7:00** pm San Miguel Beer vs Phoenix Pulse Fuelmaster

**Septyembre 27, 2019**
**Araneta Coliseum (Biyernes)**
**4:30** pm NLEX Road Warrior's vs Meralco Bolts
**7:00** pm Magnolia Hotshots Pambansang Manok vs Northport Batang Pier

**Septyembre 28, 2019**
**Araneta Coliseum (Linggo)**
**4:30** pm Rain or Shine Elasto Painters vs TNT Ka Tropa
**6:45** pm Phoenix Pulse Fuelmasters vs Barangay Ginebra San Miguel



**PVL -** MATINDING pag spike ang pinakawalan ni Air Force Jekasa spiker May Ann Pantino laban naman sa opensa ng katunggaling si Mary Jean Balse-Pabayo ng Pacific Town Army sa kanilang pag haharap sa PVL Premier Volleyball League Open Conference 2019 Preliminaries sa Fil Oil Flying V Center San Juan City. **(PRINCE SABBALUCA)**



**NCAA** - KAYANG KAYA sa opensa ng pag basket ni San Beda center Donald Tankoua ang mahigpit na dobleng depensa nila Ronnie Aguilar at Chester Jungco ng JRU na ilan lamang sa kanilang bahagi ng laro sa pagpapatuloy ng 2019 Season 95 NCAA Seniors Basketball sa Fil Oil Flying V Arena San Juan City. **( PRINCE SABBALUCA)**




HANEP
Basahin Mo Ito!




## Makatotohanang laban sa demanda

**ITO** iyong mga panahong ako ay nasa iba't ibang daily newspaper bilang isang beat reporter.

Police beat ang kalimitan naitatalaga sa akin kaya naikot ko na rin ang limang distrito ng kapulisan.

Iba ang pagiging beat reporter noong araw kumpara sa ngayon bunga ng pag-usbong ng teknolohiya.

Kaakibat at kakambal na rin ng isang pagiging mamamahayag ang kasong libelo.

Pero ang isang manunulat, siya mismo alam sa kanyang sarili kung ang isinulat o ibinalita ba ay papasok sa naturang kaso.

Siyempre, nariyan din ang mga editor na pagdadaanan ng balita bago ito mailalathala.

Hindi lamang sa pagbabalita nagtatapos ang isang pagiging mamamahayag.

Isa o kabilang na rin ang pagbibigay ng tinatawag na serbisyo-publiko.

Ako na lamang noon palibahasa ay nasa field kaya maraming nakakasalamuha at may mga natulungan na rin.

Isa nga ito sa kaibahan ng pagiging reporter noon at ngayon dahil dati ay talagang nasa lansangan o labas ang isang mamamahayag.

Ibig kong sabihin, hindi naiiwasang may lumalapit upang humingi ng tulong.

Kapag usaping legal naman ay hindi nagdadamot ang reporter na tumugon sa pamamagitan ng pagdulog sa lehitimong abogado.

Kung may kilala rin naman ang mamamahayag na abogado ay tinutulungan nito ang humihingi ng tulong.

Ngayon din naman ay ginagawa ito ng ating mga kapatid sa hanapbuhay.

Dadalhin ka sa tunay na abogado para akayin ka sa makatotohanang laban sa demanda o kaso basta nasa wasto lamang po.

**Mabuhay ka 'atorni!**